# Mahalagang Kaalaman Tungkol sa Mga Pagsisiyasat ng NLRB para sa Mga Manggagawang Migrante

**Pinoprotektahan ng Pambansang Batas sa Ugnayan sa Paggawa (NLRA) ang karamihan ng mga manggagawang nasa pribadong sektor anuman ang kanilang estado ng imigrasyon. Binibigyan ng NLRA ang mga manggagawa ng karapatang:**

- Bumuo, sumali, or tumulong sa isang unyon na makipagnegosasyon sa usapin ng sahod at iba pang kalagayan sa pagtatrabaho.
- Makipag-usap tungkol sa kita at iba pang kalagayan sa paggawa kasama ng katrabaho, ng isang unyon, ng isang sentro para sa mga manggagawa, ng isang ahensiya ng pamahalaan, ng midya, o ng publiko.
- Maglunsad ng sama-samang pagkilos kasama ang mga katrabaho para sa pagtaas ng kita at iba pang mga kalagayan sa pagtatrabaho.
- Piliing hindi makilahok sa alinman sa mga pagkilos na ito.

**Ang nasa ibaba ay mahalagang kaalaman na dapat alamin tungkol sa aming lihim na proseso ng imbestigasyon:**

- Dahil hindi mahalaga ang estado ng imigrasyon kung mayroon bang paglabag sa NLRA:
  - **HINDI** namin tatanungin ang iyong estado ng imigrasyon.
  - **HINDI** mo kailangang magbahagi sa amin ang anumang impormasyon tungkol sa iyong estado ng imigrasyon.
  - **HINDI** mo kailangang magbahagi ng impormasyon tungkol sa estado ng iyong kasalukuyan/dating mga katrabaho.
- Ang NLRA lamang ang aming ipinapatupad at **WALA** kaming kaugnay sa pagpapatupad ng mga batas sa imigrasyon.
- **HINDI** kami magbabahagi ng anumang impormasyon tungkol sa iyo sa Department of Homeland Security (DHS), kabilang na ang Immigration and Customs Enforcement (ICE), o ibang mga awtoridad sa imigrasyon, maliban na lang kung hihilingin mong ibahagi ang iyong impormasyon upang matulungan ka sa paghahanap ng tulong sa imigrasyon, gaya ng inilarawan sa huling puntong sa dokumentong ito.
- Kung may mga alinlangan ka tungkol sa pagpunta sa aming mga opisina sa anumang dahilan, maaaring makipag-ugnayan sa Ahente ng Lupon na itinalaga sa iyong kaso para sa iba pang mga paraan ng pakikilahok sa imbestigasyon, kasama na rito ang pagkuha ng iyong salaysay sa labas ng aming opisina o sa pamamagitan ng pagbi-video.
- Kumpidensiyal ang aming mga imbestigasyon, nangangahulugang **HINDI** namin ibubunyag ang iyong salaysay sa isang employer, maliban na lang kung ikaw ay tetestigo sa isang pagdinig, o kung hihilingin naming ipag-utos ng korte.
- Kung hindi ka komportableng makipag-usap sa amin sa Ingles, hahanap kami ng tagapagsalin na maaaring magbigay ng tulong at impormasyon sa wikang nais mo.
- Kung may alam ka na isang employer o unyon na gumagawa ng alinman sa mga sumusunod na gawain, maaaring ipaalam ito sa Ahente ng Lupon dahil maaaring maging labag ito sa batas:
  - Pananakot na tatawagan ang DHS o ICE o paggawa ng katulad na mga pagbabanta dahil sa pagkikilahok mo o ng iba pang mga empleyado sa gawain ng unyon o iba pang sama-samang pagkilos upang pag-igihin ang mga kondisyon sa paggawa.
  - Paghingi sa mga manggagawang magbigay ng bago o updated na mga dokumento/papeles sa imigrasyon o pag beripika muli ng pahintulot sa paggawa nang walang anumang katwiran o diskriminasyon, na maaaring maging paglabag sa NLRA o iba pang mga batas.
- Kung, sa dulo ng pagsisiyasat, ay natukoy naming may merito ang kaso (na ang employer o ang unyon ay lumabag sa batas) at kakailanganing litisin ang kaso sa harap ng isang Hukom sa Administratibong Batas, gagawin namin ang lahat ng paraan na pigilan ang employer o unyon na tanungin ka tungkol sa estado ng iyong imigrasyon.
- Kung ikaw ay naghabla ng kaso o isa kang saksi at sinabi sa amin ng iyong kinatawan na mayroong protektadong gawain ng NLRA sa isang lugar ng trabaho at may pangangailangan ng tulong sa imigrasyon upang mapangalagaan ang mga manggagawa na ginagawa ang mga karapatang ito o nakikilahok sa proseso ng NLRB, ikokonsidera ng NLRB na magbigay ng tulong sa imigrasyon sa mga manggagawa sa lugar ng trabaho na iyon kabilang na ang pagpapaliban ng aksyon, parole, estado ng U o T visa, o iba pang tulong na maaari at nararapat. Hindi maaaring magbigay ng payo sa imigrasyon ang NLRB. Kung kailangan mo ng tagapayo sa imigrasyon, may listahan ng mga nagbibigay ng libreng serbisyong legal dito: https://www.justice.gov/eoir/list-pro-bono-legal-service-providers.

**Para sa karagdagang impormasyon ukol sa NLRB, bisitahin ang aming website, www.nlrb.gov.**